# KUMPERENSIYA NG MGA ARSONISTA

Pamilyar ang mga mata ng ilan sa ating piling
at may makakasalamuha rin tayong baguhan. Mabuhay,
at huwag na lang nating masamain
ang kabaligtaran ng maalab na pagbati.
Paalala: usapin ito ng materyales,
mga katoto, at hindi ng intensyon.

Ng diskarte, aking kadaupang-palad,
at hindi kung kaninong kuwaderno ka nakatala
bago tuluyang pinilas.

Pansin natin ang hangin, markado ang bawat ulap,
ang mga galaw sa munisipyo at evacuation center.

Mapang-aruga tayo sa ningas sa pusod
ng mga estranghero, at alerto sa maaaring pasaway
mula sa mga kinilatis na laylayan ng komunidad
upang kaniya ang bakas
na matatagpuan sa abo.

Lalong hindi biro ang ating sabay halos
na tanim at ani, kahit hindi pa tuluyang humuhupa ang ulan,
may hininga pa ang bagyo,
at maaaring kakampi ng mga bantay ang baha. Paanong sining

kung hindi kumukubra? Kaya ang hangganan,
aking mga kapwa taga-usig,
ay kung paano naipagkakasiya sa budget
ang kagamitan at litro, ang pagsasanay ng listo,
ang sagad-sa-butong network.

Mangyaring magkasiya rin ang ating bukluran
sa mga pansamantalang pangalan.

Sa kabila nitong lilipas na taon,
hindi natin maaaring tawaran ang mga indibiduwal
nating kontribusyon sa malalayong nasalanta
gamit ang mga pamamaraang online at harap-harapan.
Sadyang nagkaisa tayo—

napapanahong ulitin—na walang mas iinam
sa ating usok at liwanag
bilang panghikayat sa ating mga kababayan
sa katuwiran ng mask, iwas, hugas.

At ngayong natupok na ang itinakdang matupok,
at napipinto ang panibagong saysay ng ating punyagi,
mahalagang isapuso nating lahat,
sampu ng ating mga kliyente at mag-aaral,
na hindi maaaring ibunyag itong nabanggit na saysay.

Sapagkat nasa mga sumisipol na pagitan
ng mga panggatong ang buhay ng lagablab
at kailangang itago ang dagitab,
tulad ng susi sa loob ng kandado

o buhol ng kobre sa ilalim ng matres
ng nakuha naming ward
sa areglo—siya, ang mahalaga,
naging malinaw sana tayo (may pakape, tubig,

at pika-pika, katabi ng aircon papuntang CR)
ubod ng linaw sana, lalo na rito,
ngayon, sa umagang bunga ng ating trabaho at isip.
Mga mahal ko, mga paboritong kakiskisang-siko.